# MAPANGAHAS NA PANANALIKSIK: PAGBUBUO NG KAALAMAN AT KATATAGAN SA 'GERA LABAN SA DROGA'

**Teresa Jopson**
**Aliya Sakaran**

Bilang ambag sa mga pamamaraan ng pananaliksik o *research methods*, binigyang hubog namin ang 'mapangahas na pananaliksik' (*insurgent approach to research*) sa praktika. Humahalaw sa postkolonyal, peminista, at nakikilahok na pananaliksik (*postcolonial*, *feminist*, at *participatory research*), 'mapangahas' ito dahil matapang nitong sinusubok magsuri at bumuo ng kaalamang babangga sa mga makapangyarihang kaisipan at kasanayang humuhubog ng konkretong kalagayan sa mga pinakanangangailangang komunidad. Susi ang malalim na kolaborasyon sa mga katuwang sa pananaliksik sa pagbubuo ng kaalamang mapangahas.

Inilarawan namin sa papel na ito ang aming kolaborasyon sa pagtuklas ng araw-araw na tunggalian sa isang komunidad ng mga Moro sa Davao City mula Hulyo 2016. Bunga ng matinding kawalang katiyakan at ng suliraning 'gera laban sa droga' sa komunidad, nahubog ang magkatuwang naming pananaliksik. Sinuri at sinuportahan namin ang pagsisikap sa *community-based drug prevention* para tugunan ang pangangailangan ng komunidad.

Inilatag namin ang mga benepisyo nitong higit na malalim na pagkatuto at makabuluhang handog sa mga komunidad na nilulubugan ng mga mananaliksik. Gayundin, tinatawagan namin ng pansin ang mga posibleng suliranin sa magkatuwang na pananaliksik, tulad ng: hindi pantay na mga kontribusyon, at mga posibleng kapahamakaman at kapakinabangan. Giit naming, una, maaaring gumawa ng mga oportunidad para sa mapangahas na pagbuo ng kaalaman sa aktibong kolaborasyon sa mga katuwang sa pagtuklas. Ikalawa, ang pagtugon sa pangangailangan ng komunidad ang pundasyon ng mapangahas na pananaliksik.

***Keywords**: Mapangahas na pananaliksik, insurgent approach, participatory research method*

Mula sa susing papel ng mga antropologo sa pagpapalawak ng mga kolonya sa nakaraang siglo, marami sa atin ngayon ang bumabalikwas sa pagbubuo ng kaalaman para sa mga makapangyarihan at pumihit sa *engaged anthropology* na kritikal sa marahas na kaayusang panlipunan (Ortner 2019) at nagbabalik ng kaalaman sa mga komunidad nating nilulubugan. Mula sa pagsasalita para sa mga taong pinilit na pinipipi ng kolonisasyon at makabagong mga panunupil, patungo sa napaglalaang puwang para marinig ang kanilang mga boses at kuwento, katuwang ang mga antropologo sa pagbubuo ng kaalaman mula sa pinaghabi ng mga tinig. Subalit, maraming hadlang sa pagpapaigting ng mga naratibo mula sa mga komunidad. Ang istruktura mismo ng akademya sa kasalukuyan ay mapanaid sa oras at tapang natin sa pananaliksik. Halimbawa, ang limitadong pondong laan para sa mahabang pakikipamuhay, ang mga kagyat na tungkulin sa pagtuturo o serbisyo, at ang bunto sa patuloy na paglilimbag ay maaaring magtakda ng mga hangganan sa pagtuklas. Sa higit na maraming pagkakataon, ang mga antropologo pa rin ang nagtatakda ng ugnayan at uri ng mailalaang sukli sa mga komunidad na humubog sa atin bilang mga mananaliksik. Sa kabila ng mga hadlang sa loob at labas ng akademya, maaari kayang palalimin pa natin ang ugnayan sa mga katuwang natin sa mga komunidad? Sa mga wastong pagkakataon, anyayahan natin ang ating mga katuwang sa pananaliksik na hubugin ang ating proyekto, itakda ang ating maitutulong, at maging kapatnugot sa mga sulatin.

Inilalarawan sa papel na ito ang pagtatangka namin sa 'mapangahas na pananaliksik' (sarili naming salin at pagtahak sa *insurgent approach to research*) bilang ambag sa talakayan tungkol sa pamamaraan ng pananaliksik (*research methods*). Gamit namin ang salitang 'mapangahas' bilang pang-uri (*adjective*) para ilarawan ang tapang na atim namin sa pananaliksik. Bagamat parehong nag-uugat sa salitang 'dahas' na bukod sa tapang ay tumutukoy rin sa pwersa at kapangyarihan, pinag-iiba namin ito sa pang-uring 'marahas' at sa pangngalang (*noun*) 'karahasan'. Matapang (*daring*) ang aming paraan dahil lakas-loob nitong sinusubok bumuo ng mga kaalamang babangga sa mga makapangyarihang kaisipan at kasanayang humuhubog ng konkretong kalagayan sa mga pinakanangangailangang komunidad. Matapang nitong sinusubok na palalimin ang pananaliksik sa pagbubukas nito sa mga kalahok na karaniwang itinuturing na nasa labas ng akademya. Masalimuot at higit na mahaba ang proseso ng pananaliksik, at maging ng pagsusulat nito kaysa sa nakasanayan. Subalit, sa aming palagay, nakapag-aambag ito sa bawat kalahok sa pananaliksik, at sa mga komunidad naming ginagalawan.

Sa papel na ito, layon naming siyasatin ang aming kolaborasyon sa pagtuklas ng araw-araw na tunggalian sa isang komunidad ng mga Moro sa Davao City mula Hulyo 2016. Uumpisahan namin ang talakayan sa maikling suri ng pinaghalawan ng mapangahas na pananaliksik. Sunod, bilang halimbawa ng praktika nito, ilalahad namin ang panawagang mangahas sa kalagayang walang-katiyakan sa tagpuan ng aming pananaliksik. Ang malaking bahagi ng papel ay laan namin sa suliranin na dulot ng ‘gera laban sa droga’ at ang pagtugon ng komunidad dito. Mula sa pagkilala ng problemang uusisain (*research problem*), pagsusuri sa mga pangangailangan at kalakasan ng komunidad, paraan ng pananaliksik, hanggang sa pagpapaliwanag (*contribution to theory building*), inilalahad namin ang mga paraang nagiging bukal ng pagkatuto at saysay sa komunidad ang mapangahas na pananaliksik. Bilang pangwakas, pagninilayan namin ang aming paglubog sa komunidad ng isa’t isa at ang mga tunggalian at pakinabang ng mapangahas na pananaliksik. Giit namin, una, maaaring gumawa ng mga oportunidad para sa mapangahas na pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at kolaborasyon sa mga katuwang sa pagtuklas. Ikalawa, ang pagtugon sa pangangailangan ng komunidad ang pundasyon ng mapangahas na pananaliksik.

## Ugat ng mapangahas na pananaliksik

Katuwang ang mga kasama sa *Insurgent Scholars for Humanity International Network* (ISHIN)[1], ginagalugad namin ang mga paraan ng pananaliksik na maglilingkod sa mga nasa laylayan ng lipunan. Nabuo noong Pebrero 2017, ang ISHIN ay ugnayan ng kasalukuyang mahigit 40 iskolar mula sa limang bansa, at iba’t ibang larangan mula agham panlipunan at pilosopiya hanggang medisina. Kaisahan ng grupo na sa kasalukuyang kalagayan ng nakapangingilabot na pagdurusa sa iba’t ibang bahagi ng mundo, mahalagang gumawa ng mga pananaliksik na ganap na katuwang at naglilingkod sa mga sinusupil na komunidad at makapag-ambag sa hangaring hustisyang panlipunan (*social justice*). Naging hamon sa mga kasama sa ISHIN na itala at pangalanan ang aming mga natatanging pamamaraan ng pananaliksik para masuri at paunlarin. Sa ganang ito, nangangahas kaming ilantad ang aming naging proseso sa pagbuo ng kaalaman.

Malalim ang mga ugat ng aming mapangahas na pananaliksik. Halaw ang partikular naming pangangahas sa *postcolonial* at peministang pananaliksik, at sa mga pamamaraang *qualitative*, *interpretive*, at nakikilahok o

[1] Bukas ang ugnayan sa mga iskolar at mga katuwang mula sa iba’t ibang larangan.

*participatory*. Ang laboratoryo ng mga qualitative na pananaliksik ay ang araw-araw na buhay, kung saan hindi maitatakda ang mga salik ng pagtuklas (Morse 1994:1). Mahalagang salik sa *qualitative* na pananaliksik ang pagkilala sa tangang perspektibo ng mananaliksik (*standpoint*) at ang konteksto kung saan nito binibigyang kahulugan ang mga bagay na sinasaliksik (Tracy 2019). Sa aming partikular na mapangahas na pananaliksik, susi ang aming magkaibang perspektibo at ang kontekstong kawalang-katiyakan at nagbabadyang panganib sa tagpuan ng aming magkatuwang na pagtuklas.

Dahil susi ang aming mga perspektibo bilang mga mananaliksik, pinaghahalawan namin ang pamamaraan ng peministang nananaliksik sa dating mga kolonya (*postcolonial feminists*) na bumabalikwas sa pang-aapi batay sa uri o *class*, kulay at etnisidad o *race*, at kasarian o *gender* (Thieme 2003) tungo sa higit na pantay at makatarungang lipunan. Ayon kay Swati Parashar (2016:371), hindi lamang inuugnay ng *postcolonialism* at peminismo ang sentro at ang mga naisantabi (*bridging centre and margins*) kundi nagtatampok din ito ng mga karaniwang lingid na kaalaman (*bringing knowledge of and from the margins to the centre*). Sa ganang ito, pinapaigting ng peminismong postcolonial ang mga boses ng mga kababaihang kayumanggi tulad namin, at kinikilala ang aming mga pagkakaiba. Samantala, malaking bahagi rin ng aming pamamaraan ang mga aral mula sa pemenistang pananaliksik na bukas at bulnerable o di tiyak (Page 2017), kaya naman malaking bagay sa amin ang ugnayan sa isa't isa, sa aming mga komunidad, at sa mga nakikinig o mambabasa. Sa aming mapangahas na pananaliksik, hangad naming magbalik-ambag sa peministang pagbubuo ng kaalaman.

Karaniwang *qualitative* din ang pamamaraang *interpretive* o ang pananaliksik batay sa karanasan at interpretasyon ng mga katuwang sa pananaliksik. Sa huling tatlong dekada, niyakap ng maraming iskolar na nagsasagawa ng *interpretive* na pananaliksik (tulad nina Guba & Lincoln 1989, Smith 1993) ang tatlong tungkulin: ang bagong relasyon sa mga taong sinasaliksik; ang paggamit ng propesyunal, personal, at pulitikal na paninindigan para sa pananaliksik at magpakilos; at pananaliksik para sa panlipunang pagbabago, pakikipagkapwa, at pagkalinga (Lincoln 1995:277-278). Kaugnay nito, iminungkahi ni Yvonna Lincoln (1995) ang ilang makabuluhang pamantayan sa pananaliksik na *qualitative* at *interpretive*, kasama na ang paglalahad ng paninindigan at konteksto ng mananaliksik (*positionality*); ang komunidad bilang batayan ng kalidad; pagkilala kung sino ang may boses para magsalita, para kanino at para saan; pagtatasa ng

sarili (*reflexivity*), at tumbasan (*reciprocity*). Sa aming mapangahas na pananaliksik, tangan naming gabay at panukat ang mga ito.

Halaw ang aming mapangahas na pananaliksik sa mahabang kasaysayan ng pananaliksik na nakikilahok (*participatory, collaborative research methods*). Maging oryentasyon man o estilo ito ng paglahok (Reason & Bradburry 2008), kinikilala namin ang kahalagahan ng aming pakikisalamuha sa isa't isa at sa mga komunidad naming ginagalawan bilang paraan ng pag-unawa at pagtuklas. Sa suma nina Jorg Bergold at Stefan Thomas (2012:191), ang demokratikong teorya, konsepto ng 'ligtas na kalagayan' o *safe space*, pakikilahok, at ang etikal na konsiderasyon ang mga pundasyon ng pamamaraang nakikilahok. Bagamat hitik sa mga posibleng problema ng di pantay na ugnayan (*uneven power relations*), kinikilala namin ito bilang bahagi ng aming konteksto ng pananaliksik, pagtatasa ng mga sarili, at tumbasan (*positionality, reflexivity, reciprocity*) upang subuking igpawan sa abot makakaya.

Naniniwala kaming napayayabong ng pakikinig at pagpapatampok ng mga boses mula sa mga komunidad ang pananaliksik tungo sa hustisyang panlipunan (*social justice*) (Mansfield 2014) kaya gusto naming subuking palalimin pa ito. Mula sa pagiging kabahagi sa pananaliksik bilang mga tagatugon (*research participants as respondents*), hangad namin ang malalim na pakikibahagi ng mga katuwang bilang mga nagmamay-ari (*ownership*) ng pananaliksik. Para kay Robin McTaggart (1997), ang pagkakaroon ng pagmamay-ari sa pagbubuo ng kaalaman ang mahalagang salik ng tunay na pakikibahagi na tinatawag niyang *authentic participation* (tingnan ang iba't ibang antas ng pakikilahok sa mga akda nina Cook 2012, Russo 2012, Goeke & Kubanski 2012). Ang pangangahas na palalimin pa ang papel ng mga katuwang sa pananaliksik – sa kanilang pagtatakda ng direksyon at saklaw, laman at paraan ng pananaliksik – ang ibinabalik namin sa mga pamamaraang nakikilahok at pumapanig. Nais naming subukan na abutin ang abot na makakaya upang maging demokratiko, ligtas, at mapagpalaya ang proseso at ang bunga ng aming kolaborasyon.

Dahil sa pangangahas naming manaliksik sa konteksto ng kawalang-katiyakan at nagbabadyang panganib, hinihingi sa aming sumulong sa kabila nito at pumanig sa komunidad. Kinikilala namin ang mga naunang pihit tungong mulat na antropolohiya, mula pa noong 1970s na sumabay sa agos ng Marxismo, pemenismo, at anti-kolonyalismo (Ortner 2016) tungong pagkilala sa emosyon sa pulitikal na antropolohiya nina Phillip Bourgois (1990, 1996) at militanteng antropolohiya ni Nancy Scheper-Hughes (1995). Sa larangan ng agham pampulitika, nandyan ang mga nauna nang pagbuo ng

pulitikal na etnograpiya nina Timothy Pachirat (2009) na inspirasyong bumuo ng pananaliksik na makabuluhan para sa mga kalahok, at masinsin para sa komunidad ng mga iskolar. Bunga ng malalim na relasyong binubuo sa mga myembro ng komunidad, tunay na mayabong ang larangan ng pananaliksik sa antropolohiya at mga agham panlipunan para sa pakikilahok, pagpanig at pagsubok na maging mapagpalaya.

Sa mapangahas na pananaliksik, ipinagpapatuloy namin ang mga pagninilay nina Scheper-Hughes tungkol sa pagtataguyod sa pangunahing konsiderasyong etikal (*primacy of ethics*) at Bourgois tungkol sa pagpapalawak ng saklaw ng etikang ito. Ani ni Bourgois, hindi dapat magpakupot sa etikang tumitingin lang sa mga usapin tulad ng hustong pagpapaalam o *informed consent* at pagbabalik ng ating kaalaman sa komunidad, pero hindi kinikilala ang higit na malawak pang moral na pagbatikos sa mga istrukturang pulitikal at pang-ekonomiya na sumisira sa mga komunidad na inaaral ng mga antropologo (1990:44-45). Sa halimbawa naman ni Scheper-Hughes, ang mga kababaihan sa Brazil ang nag-udyok sa kanyang maging kasama nilang makibaka, maging kanilang kompanyera (1993, 1995). Pangunahin ang mga etikal na pagbatikos at pagpanig sa malalim na kolaborasyong mithi namin sa mapangahas na pananaliksik.

Karugtong ng mga pananaliksik na nakikilahok at pumapanig (para sa mga tipo at halimbawa sa antropolohiya, sanggunian sina Low & Merry 2010) ang matapang na tradisyon ng *applied, engaged,* at *activist anthropology* sa Pilipinas (Abaya et al. 1999). Sa Mindanao, halimbawa, inilarawan ni Rosa Cordillera Castillo (2015) ang mga gawaing emosyonal, pulitikal, at analitikal sa kanyang *engaged anthropology* sa gitna ng mga gera at paglabag sa karapatang pantao. Gamit din ng maraming antropologo ang *grounded theory*, kung saan ang pagkalap ng datos at pagsusuri ay laging magkatuwang, bilang kasangkapan ng aktibistang pananaliksik (Charmaz 2013). Ginagalang namin ang mga pananaliksik na pumapanig sa mga pilit ginugutom, pinipipi at pinapaslang ng mapanupil na kaayusang panlipunan sa ilalim ng gahamang mga pamahalaan at kalakalan. Pagpapatuloy at pagtatangkang magpalalim lamang ang hangad namin sa pagpapatampok ng mga boses at pagsusuri mula sa mga komunidad. Kinikilala namin na malayo na ang narating ng pananaliksik sa larangan ng antropolohiya sa Pilipinas tungo sa hustisyang panlipunan, ngunit may puwang para gawin itong higit na makabuluhan pa sa ating mga katuwang sa pananaliksik. Lalo at higit sa konteksto ng tumitinding mga krisis sa bansa, kagyat at kapaki-pakinabang ang matapang na pananaliksik.

**Tagpo at pagtatagpo sa Purok Tres**

Sa Purok Tres ng Barangay 41-D[2], isang komunidad sa Davao City, ang tagpuan ng aming pananaliksik tungkol sa araw-araw na pakikibaka ng mga Moro. Nasa Timog-Silangang bahagi ng Mindanao, ang Rehiyon ng Davao ang may pinakamalaking sakop na lupain (18,809 $km^2$) at pinakamalaking populasyon (4.89 milyon, ayon sa PSA 2015) sa Mindanao. Samantala, ang Davao City na sentro ng Rehiyong Davao ang pinakamalaking syudad sa Pilipinas kung sakop na lupain ang pagbabatayan (2,444 $km^2$), ang pinakamataong syudad sa labas ng Luzon (1.63 milyon, ayon sa PSA 2015), at ang pinakamayamang syudad sa Mindanao sa mga nakaraang taon (COA 2018). Ang Barangay 41-D ay isa sa pinakasiksik na barangay sa Davao City, at sa sulok nitong nasa bingit ng Golpo Davao ang Purok Tres.

Tinatayang may 5-10 porsyento ng populasyon ng Davao City ang mga Moro. Sa mga grupong kinikilalang Moro ng lokal na pamahalaan, pinakamalaki ang bilang ng mga Tausug (14,223), Kalagan o Kagan (13,285), Maranao (12,692) at Maguindanao (4,886) (NSO 2010). Liban sa mga Kalagan na tubong Davao, kalakhan ng ibang mga Moro ay mga una, ikalawa, o ikatlong henerasyong dayo mula sa Timog at Kanlurang mga bahagi ng Mindanao. Ang mga Morong migrante sa Davao ay karaniwang lumikas mula sa *rido* (*clan war*) mula 1950s at iba't ibang gyera sa Mindanao mula noong 1970s. Para sa mga walang pag-aaring lupa sa kanilang lupang tinubuan, kabuhayan ang pinakamaigting na dahilan ng pakikipagsapalaran sa mga syudad. Kalakhang mga nagsasariling kayod sa mayabong na *informal economy* ang mga Moro sa Davao City.

Kaming mga may-akda ay kapwang ipinanganak sa Davao ng aming mga magulang na dayo sa Davao City. Lumaki sa Purok Tres ang isa sa amin, at Kristiyanong mag-aaral ang isa pa. Boluntaryong *community worker* na aktibo sa komunidad at sa mga kilusan para sa pagbabago sa Davao at Mindanao ang isa sa amin. Kasama ng kanyang mga kabarangay, nangampanya siya para sa pagkapangulo ni Rodrigo Duterte sa huling eleksyon. Bagong salta naman sa komunidad ng mga Moro ang isa pa sa amin, bilang mananaliksik tungkol sa kasarian at mga tunggalian (*gender and conflict*) sa Davao. Kasama ng ibang iskolar at aktibista para sa mga karapatan, kritikal naman siya sa rekord ni Duterte sa paglabag sa mga karapatang pantao. Kapwa kami babaeng Filipino, na may magka-ibang identidad at mga posisyon bilang mananaliksik ng lipunan (tulad ng sa

[2] Itinago namin ang mga tunay na pangalan ng mga lugar, organisasyon, at mga taong kinapanayam.

pagninilay ni Narayan 1993). Halos magka-edad at may tig-dalawang dekadang karanasan sa aming mga larangan, nagkakilala kami noong Hulyo 2016 sa Purok Tres. Sa umpisa, may kanya-kanya kaming interes na matutunan at magampanan. Sa loob ng ilang buwan, unti-unting nabuo ang tiwala namin sa isa't isa batay sa aming pagkakakilanlan at mga praktikal na gawain sa komunidad. Naunawaan naming maaari kaming maging magkatuwang sa pagtuklas at paggawa (*action*).

Sa isang banda, paglaon ng paglubog ng isa sa amin sa Purok Tres, ang mga tanong tungkol sa kasarian at tunggalian ay napaliwanagan ng araw-araw na pamumuhay. Sa kabilang bahagi, ang mga tanong tungkol sa kasarian at tunggalian ay nakapukaw ng interes ng isa pa na maiugnay ito sa araw-araw na pamumuhay sa komunidad. Mula Hulyo 2016, madalas kaming magkausap, magkasamang magtanong, at tumuklas. Inimbitahan namin ang isa't isang dumalo sa mga pampublikong talakayan sa pareho naming interes na matuto. Mula Abril 2017, nalipat ang aming usapan sa mga libreng mensahe at tawagan sa telepono. Nagkasama kaming muli noong Nobyembre 2017 at Disyembre 2019, tuwing nakakabisita ang isa sa amin sa Davao City.

Ang sumusunod ay maikling sipi mula sa usapan namin noong 11 Nobyembre 2017 sa kumperensya ng Ugnayang Pang-Aghamtao (UGAT).

> *Teresa*: Sa bawat yugto ng pananaliksik, lagi rin kaming nagtatanungan – ano sa tingin mo?
>
> *Aliya*: Tinanong ko din kasi, binalik ko lang sa kanya dahil nga po matanong (siya). Alam kong dapat siyang matanong, okay lang yun. Yung tungkol sa *gender* sa lugar namin, ang katotohanan diyan, mayroon ding bakla, mayroon ding tomboy…. *Aside* sa biruan namin, binabalik ko sa kanya kasi ingat din po ako bilang isang Muslim, paano nalang, na kahit ako, 'yun din ang tanong ko, kung bakit po naibabalik ko po sa kanya. Pero wala namang ibang *purpose* kundi mailabas lang ang yung totoo.
>
> *Teresa*: Dahil parehas kaming kapwa mananaliksik, magkasama rin kaming dumalo ng mga okasyon at pulong. Dinaluhan namin yung mga talakayan tungkol sa mga pagpaslang sa Davao, kung saan si *Kaka*[3], marami din siyang maibabahagi sa mga *forum* na ito. Sa palagay ko, magandang paraan itong parehas naming pagdiskubre kung ano yung mga nadoon sa

[3] Katawagan o bati sa nakatatandang kapatid na ginagamit sa Purok Tres.

> kaayusang pampulitika ng Davao city. Ano yung tingin mo sa karanasan nating iyon?
>
> *Aliya*: Yung tingin ko nga noon sa'yo, parehas tayo. Nagkataon lang po na kung nag-aalam siya, ako din, ganoon din ako, gusto ko din malaman ang mga ganoon.

Sa siping ito, inilalarawan namin kung paano kami kapwa mananaliksik na nagtutulungan upang bumuo ng kaalaman. Pinahiwatig ng isa sa amin ang kanyang interes tuntunin ang mga kasarian sa kanilang komunidad, lamang hindi niya madaling masiyasat dahil sa pag-iingat 'bilang Muslim'. Bakas din ang maingat naming pagsusuri sa mga pagpaslang sa mga komunidad sa Davao City. Sa aming kolaborasyon, nangangahas kaming galugarin ang mga paksang itinuturing na sensitibo dahil sa tiwala sa magkatuwang naming paglilimi.

**Pagtukoy sa problemang uusisain sa konteksto ng kawalang katiyakan**

Pinakamaigting sa aming usapan tungkol sa araw-araw na pakikibaka sa komunidad ng mga Moro ang mga salik ng kawalang katiyakan ng pamumuhay rito. Kalakhan ng mga komunidad ng mga Moro sa Davao City ay nasa mga pampublikong lupain sa mga pampang ng Ilog Davao at ng Golpo Davao. Dahil sa lokasyong ito, madalas ang mga sakuna tulad ng mga baha. Halimbawa, bago nagkaroon ng *sea wall* sa Golpo Davao noong 1990s, maraming mga kabahayang Moro sa pampang ng Golpo Davao ang kinain ng dagat. Sa kasalukuyan, sunog ang pinakamalaking panganib na kinahaharap ng mga komunidad na may mga kabahayang dikit-dikit at makikipot na daanan upang matunton ng mga bumbero. Halimbawa, tatlong beses sa huling dekada nagkasunog sa Purok Tres pa lamang. Sa pinakamalaki sa mga ito, nawala ng isa sa amin ang pinaghirapang buuing bahay at lahat ng kagamitan, kasama ang mahahalagang papeles at mga itinatanging litrato. Sa panahong nananaliksik kami noong 2016 at 2017, may mga usap-usapan tungkol sa posibleng sinasadyang mga sunog upang paalisin ang mga walang titulo sa lugar.

Sinuportahan ng Purok Tres ang kampanya ni Rodrigo Duterte sa pagkapangulo ng bansa noong 2016 sa kabila ng tumintinding kawalang-katiyakang dinanas nila sa dalawang dekadang pagiging Mayor ni Duterte sa Davao City. Halimbawa, bago naupo sa pagkapangulo, pinirmahan ni Mayor Rodrigo Duterte ang Megaharbor Project sa Davao City. Matunog ang usapan tungkol sa posibleng relokasyon dahil sa nagbabadya noong proyektong Megaharbor sa Golpo Davao. Sa isang banda, ang ilan ay sabik

na posibleng magkaroon ng pabahay dahil sa relokasyon o trabahong maaaring maging para sa kanila sa pagbubukas ng Megaharbor. Mayroon ding mga tutol sa relokasyon kung malalayo ito sa kanilang kabuhayan sa sentro ng syudad. Sa huli, binasura ng sumunod na Mayor ang proyekto. Ayon kay Mayor Sarah Duterte (anak ni Rodrigo Duterte), maliit ang benepisyo ng Megaharbor para sa Davao City at posible pang makasira ng likas yaman nito. Gayunpaman, nagbabadya pa rin ang planong *coastal road* na maaaring magpalikas ng mga komunidad sa paligid ng Golpo Davao.

Ang kawalang-katiyakan sa mga komunidad ng mga pinakamahihirap na Moro sa Davao ay parehas na sanhi at dulot ng ilan pang mga kinahaharap na suliranin sa komunidad. Sa kakaunting mga trabahong bukas para sa mga migranteng Moro, kalakhan ay nabubuhay sa arawang serbisyo sa paninindá, paglalako, at pamamasada, o arawang sahod sa mga kontraktwal na posisyon. Sa panahon ng krisis, sarado para sa pinakamahirap ang maraming institusyon na mauutangan. Samantala, hayag sa mga komunidad na 'madaling pera' ang pakikipagsapalaran sa pagtitinda ng droga. Gamit ang tapang at pag-iingat bilang puhunan, isinusugal ng mga nagtutulak ng droga ang kanilang sariling buhay para sa kaunting kita sa delikadong trabahong ito. Binansagang 'tiange' ng drogang shabu (*methampethamine hydrochloride* o *chrystal methampethamine*) ang Purok Tres dahil sa dami ng mga maliitang (*small-time*) manininda ditong bilihan ng tinging shabu ng mga mahihirap ding mamimili.

Mainit ang Purok Tres sa mata ng pulisya sa Davao City. Mula nang maupo bilang Pangulo si Rodrigo Duterte noong Hulyo 2016, naging matingkad ang mga paglabag sa karapatang pantao sa programang 'gera laban sa droga' sa buong bansa. Ayon sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP), may 5,526 ang namatay na suspek sa droga mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2019, samantalang umaabot sa 29,000 noong Marso 2019 ang mga iniimbestigahan pang kaso (*deaths under investigation*) (Johnson at Giles, 12 Nobyembre 2019). Higit na malapit sa bilang ng mga iniimbestigahan pang kaso ang suma ng *Commission on Human Rights at Human Rights Watch* (2020) na nasa mahigit 27,000 katao ang pinatay. Samantala, mula 2016 hanggang 2018, may 117,385 operasyong kontra droga ang inilunsad ng mga pulis na humuli sa 167,135 katao (Pitlo, 22 Pebrero 2019). Sa kurso ng mga operasyon, natumbok na maraming pulis ang kasangkot sa palitan ng droga. May 316 pulis na tinanggal sa trabaho dahil sa paggamit ng droga at 145 pulis dahil sa kaugnay na krimen (Pitlo, 22 Pebrero 2019). Malala ang problemang 'gera laban sa droga' dahil ang pulisyang nangunguna sa pagsugpo ng droga ay sangkot din sa palitan nito.

Sa Davao City, mahigit dalawang dekada na ang nasabing ‘gera laban sa droga at krimen’ na pinangunahan ng sinasabing Davao Death Squad, at mula sa huling dekada, ng mga hayag na pulis. Lampas 800 ang pinaslang sa Davao na kaugnay ng droga mula 1998 hanggang 2008 (Human Rights Watch 2009) at ilang libo pa ang binilanggo. Sa kabila ng mga luma nang panghuhuli at pamamaslang sa pinakamahihirap na lugar sa Davao City, matindi pa rin ang pagtutulak ng droga sa syudad. Kasalukuyan pa ring may mga pulis na nagsisilbing panangga (*protector*) ng mga sangkot sa droga sa Barangay 41-D. Tuloy pa rin ang mga operasyon ng mga pulis na di unipormado at ang pagpaslang sa mga pinakamahihirap sa Purok Tres. Pinalalabas sa midya na lehitimo ang operasyon ng mga pulis sa lugar, samantalang alam ng mga nasa komunidad na kasinungalingan ang maraming ibinabalitang ‘*buy bust*[4]’. Samantala, sa huling bisita naming magkasama sa Davao Police Headquarters, nagbibiruan ang mga pulis sa harap namin na ang halaga ng droga ngayon ay “*buy one, take life*”.

Sa obserbasyon ng mga *community worker* sa Purok Tres, pinakamaigting sa mga suliranin sa kanilang lugar ang mga dakipan at patayan dahil sa ‘gera laban sa droga’. Sa kanilang tala pa lamang mula 2008, pitong tatay at isang nanay ang pinaslang sa Purok Tres, na may mahigit kumulang 50 kabahayan lamang. Sa mahigit 100 nang binilanggo dahil sa droga mula sa Purok Tres, tatlo ang namatay sa sakit, at isang tatay pa ang namatay sa pambubugbog sa operasyon ng pulis kontra-droga sa loob mismo ng piitan. Mahigit 100 na bata sa kanilang purok ang hiniwalay ng gerang ito sa isa o pareho nilang mga magulang. Ang mga mahihirap ding kaanak at mga kapitbahay ang kumukupkop sa mga inulilang kabataan. Sa pinakasukdulan, ang mga anak at kaanak ng mga pinaslang o binilanggo ay nasasangkot din sa palitan ng droga bilang pansamantalang kabuhayan. Sa dakipan at patayan, nagtatanghal ang pamahalaan ng kanilang programa laban sa nasabing mga ‘masamang elemento’ ng lipunan, pero hindi direktang binibigyang solusyon ang kahirapan, bagkus ay nakadaragdag pa rito. Kung ibilanggo o patayin ang mga pangunahing bumubuhay sa mga pamilya, lalo pang magugutom ang kanilang mga anak at kaanak. Gustong makawala ng komunidad sa siklo ng desperasyon sa tumitinding kahirapan.

---

[4] Ang operasyong ‘*buy bust*’ ay pambibitag ng pulisya sa di umanong mga nagtitinda o gumagamit ng droga. Karaniwang sangkot dito ang mga markadong pera o droga at mga kunwaring mamimili ng droga para mahuli sa akto ang mga sangkot sa palitan ng droga. Samantala, sa obserbasyon ng mga nasa Purok Tres, pinapaslang ng mga pulis ang mga biktimang tulog o walang laban at saka ito tinatamnan ng droga at baril bilang ‘pruweba’ ng pagkakalulong at panlalaban ng mga ito.

Ang kalagayan ng walang-katiyakan sa Purok Tres ay mahalagang konteksto ng pananaliksik na nangangahas at ang batayan ng aming pagtukoy sa praktikal na problemang nais naming magkatuwang na usisain. Paano maaaring bumuo ng matatag na komunidad na handang humarap sa mga sanhi ng kalagayang kawalang katiyakan? Sa kabila ng mga banta sa seguridad ng mga nasa komunidad na maaaring magbunsad ng pananahimik, kinakailangan ng matapang na pagsusuring kikilala at babangga sa karahasang unti-unting lumilipol sa mga mamamayan sa mahihirap na komunidad. Sa kolaborasyong ito, humihiram kami ng tapang mula sa isa't isa, nagiging tagapagsalin ng iba't ibang anyo ng kaalaman, at nagbabahaginan ng anumang kalasag na malilinang namin bilang mga lehitimong mananaliksik.

**Pagsusuri sa pangangailangan ng komunidad**

Sa aming mapangahas na pananaliksik, sinusuri namin ang mga pangangailangan ng komunidad at iniuugnay ito sa malalawak na diskurso tungkol sa droga sa Pilipinas. Kinikilala naming may dalawang paraan ng pagtingin sa mga sangkot sa palitan ng droga sa Pilipinas, sila ay bulnerable (*vulnerable*) o matatag (*resilient*), at batay dito ang solusyong hinahapag ng iba't ibang institusyon sa bansa (Estacio 2009). Sa naunang pananaw, bulnerable ang mga sangkot sa droga dahil sila ay may sakit o pagkukulang sa pag-iisip, mahina ang moralidad at maaaring masangkot sa krimen. Kung gayon, pinakamainam na ituring na kaaway ang droga, ipagbawal ito, at puksain ang produksyon at paggamit nito. Ito ang pananaw na gamit ng mga awtoridad sa Pilipinas, bagkus ang laman at anyo ng mga programang 'gera laban sa droga'. Sa pangalawang pananaw, matatag ang mga tao, at di permanente ang pagkalulong sa droga. Suliraning panlipunan ang problema sa droga na maaaring maalpasan sa pamamagitan ng paghuhubog at pagbabagong panlipunang hatid ng edukasyon at pagkalinga ("*education, therapeutic and transformative continuum of care*") (Estacio 2009:60). Para kay Leonardo Estacio (2009:60), ang pihit mula sa una patungong pangalawang pananaw ang higit na lohikal at praktikal na paraan para sa pagbubuo ng mga komunidad na may resistensya sa droga.

Kung tutuusin, may mga panimulang bakas na ng ikalawang pananaw sa mga bagong mandato ng Dangerous Drugs Board (2016, 2019), ang nakatalagang ahensya kontra-droga sa ilalim ng Opisina ng Pangulo ng Pilipinas. Halimbawa, inaatasan ng pambansang pamahalaan ang mga lokal na gobyerno na tumugon sa Oplan Sagip (2016) sa pagbubuo ng iba't ibang suportang pang-rehabilitasyon sa mga komunidad. Lamang, dahil hindi pare-

pareho ang tugon ng mga lokal na pamahalaan, mapalad ang mga residente ng mga syudad na mayroong malasakit at pondong laan dito. Kinikilala rin ng Dangerous Drugs Board sa kanilang Board Regulation No. 7 (2019) ang mga prinsipyo ng pagtugon sa antas ng komunidad (*community-based treatment*) na iniendorso ng United Nations Office on Drugs and Crime (UNODC) kasama ang tuloy-tuloy na pagkalinga at suporta (*continuum of care, service delivery, integration*) sa mga kliyente sa kanilang programa. Ganoon pa man, huli pa rin ito sa implementasyon sa mga pinakanangangailangang komunidad. Sa Davao City, hanggang salita at pagtatanghal pa lamang ang *community-based* rehab ng lokal na pamahalaan at mga barangay.

Sa praktika, kalakhan ng pagtugon sa suliranin ng droga sa bansa at sa Davao City ay halaw pa rin sa pananaw na 'bulnerable' ang mga nagtutulak at gumagamit ng pinagbabawal na gamot. Subalit, sa halip na sagipin (tulad ng suri ni Estacio 2009), bulnerable sila dahil itinuturing silang kaaway sa umiiral na mga 'gera laban sa droga' sa Davao at sa buong Pilipinas. Hindi na basta 'gamot' ang droga kundi tagahati ng lipunan sa mga kakampi at kalaban ng mga nasa awtoridad. Nagbibigay kilabot ang mga pagpaslang sa sino mang maaaring ituring na 'masamang elemento'. Kalakhan sa mga pinaslang sa 'gera laban sa droga' ay ang nasa pinakamahihirap na komunidad sa Pilipinas at lalo pang nagpapahirap sa mga ito (Fernandez, Quijano & Pangilinan 2019). Sa paraang ito, higit na napaiigting ang pagiging suliraning panlipunan ng 'droga' dahil sa paggamit nito para sa mga pulitikal na layunin.

Sa pampulitikang kalagayan ng bansa kung saan ang 'gera laban sa droga' ay gera laban sa mahihirap, kinikilala naming kailangang magkaroon ng mga epektibong paraan para umiwas (*preventive*) sa droga at pagmalasakitan (*care*) ang mga nais kumawala rito, bilang ambag sa pagsisiwalat sa mga kabalintunaan ng 'gera' mismo. Pinakakagyat na kailangan ng komunidad na matigil ang siklo ng pagkasangkot sa palitan ng droga. Pagkatapos ng mga operasyon ng pulis at di unipormadong kalalakihan sa Purok Tres, mahigit 100 kabataan ang hiniwalay sa kanilang mga ikinulong na magulang o inulila ng mga armadong kalahok ng 'gera laban sa droga'. Nahihikayat na sumali sa mga gang dahil sa suporta at kabuhayang pangako nito, ang mga kabataang walang tumatayong magulang ay lalo pang bulnerable sa mga sindikato ng droga. Kabuhayan at mga serbisyong edukasyon at pangkalusugan pa rin ang pangmatagalang pangangailangan ng mga taga-Purok Tres. Sa madalian, kailangan ng epektibong paraan para hadlangan ang pagkasangkot sa droga ng mga kabataan dito.

Sa kabila ng mga patayan, malaking bahagi ng kabiguan ng 'gera laban sa droga' sa antas ng mga komunidad ay ang kakulangan ng suporta para sa rehabilitasyon ng mga nagsisikap na kumawala sa palitan ng droga. Mula nang inilunsad ang 'gera laban sa droga' noong 2016, anim na bagong *rehabilitation centers* o rehab pa lamang ang binuksan para tanggapin ang mga libo-libong kataong kusang 'sumuko' sa awtoridad. Kasalukuyang may 10 sa 50 rehab sa buong Pilipinas ang mga pampublikong pasilidad ng mga lokal na gobyerno. Sa Davao City, may isang pampubliko (Davao City TRC for Drug Dependents) at isang pribadong pasilidad na may kapasidad na tig-100 lamang[5]. Kinakailangan ng rekomendasyon para makapasok sa pampublikong pasilidad, kaya hindi lahat ng nangangailangan nito ay naseserbisyuhan. Ang programa ng DCTRCDD ay panunuluyan (*residential*) mula anim na buwan at karaniwang isang taon. Para sa mga nagtataguyod ng pamilya, hindi madaling maglaan ng ganito kahabang panahong malayo sa kanilang komunidad.

Sa karanasan ng mga *community worker* sa Purok Tres, mapabubuti pa para sa pinakamahihirap ang laman ng programang rehabilitasyon kasama na ang *after-care* o suporta sa mga nakatapos ng programa. Mula sa Estados Unidos ang kalakhan ng mga programa ng mga lisensyadong mga pasilidad para sa rehab sa Pilipinas (Estacio 2009:64). Sa mga ito, ang modelo ng programa ay karaniwang kombinasyon ng pagtanggal ng droga sa katawan (*detoxification*), paglilinang ng isip (*psychotherapy*) at iba pang pagtulong sa sarili (*self-help*). Marami rin sa mga pribadong pasilidad ang nag-eendorso ng espiritwal na pagbabago at sinusuportahan ng mga iba't ibang dominasyong Kristiyano. May pagka-militar naman ang sistema sa mga pampublikong pasilidad dahil 'disiplina' ang sinasabing kailangan ng mga kliyente. Samantala, mayroon ding mga hinihinging bayarin na karaniwang hindi kaya ng mga pamilya ng kliyente tulad ng mga gamot at mga personal na gamit pangkalusugan (*personal hygene*). Batayan pa ng haba ng programa ng mga kliyente ang dalas ng dalaw ng kanilang mga kaanak. Sa mga bihirang nadadalaw ng kanilang pamilyang nagkukulang sa pamasahe at nahihiyang sumipot nang walang bitbit na pasalubong, umaabot sa sukdol na isang taon ang kanilang panunuluyan sa DCTRCDD. Para maging epektibo ang rehabilitasyon at *after-care*, kailangan nitong kilalanin ang kalagayan ng bawat kliyente.

---

[5] Mula 2019, may itinatayong bago at higit na malaking pasilidad pang-rehab sa Davao City sa ilalim ng pamamahala ng pambansang Department of Health. Inaasahang magbubukas ito sa 2021.

Ang pinakakailangan ng mga sangkot sa droga ay pagkakataong magkaroon ng bagong buhay at hanapbuhay sa labas ng rehab. Pagkatapos ng rehab, hindi bababa sa anim na buwan ang *after-care* na kailangan ng bawat lumahok. Ibig sabihin, susi ang mga programang *after-care* sa komunidad mismo ng mga kliyente sa kanilang paggampan sa kanilang pamilya at komunidad. Pero sa kasalukuyan, wala ito sa kanilang mga sariling komunidad kundi dadayuhin nila sa munisipyo o sa lokal na opisina ng Department of Health ang serbisyo. Kung nakabase sa komunidad ang serbisyong ito, walang balakid na pamasahe at oportunidad para kumpletuhin ang programang rehab. Higit sa iba't ibang gastos ng pamahalaan sa pagsugpo sa droga, pinakamahalagang papel ang matutugunan ng mga paraang humahadlang sa pagkalulong sa droga at ang *after-care* sa mga pinakalulong nang mga lugar sa Pilipinas.

**Pagtatasa ng mga kalakasan ng komunidad**

Sa aming pagtatasa ng mga kalakasan ng Purok Tres, kinikilala namin ang mahalagang papel ng mga nagmamalasakit na boluntaryo sa komunidad. Mula sa sariling inisyatiba ng isa sa amin at mga taga-Purok Tres ang mga (*community-based*) programang humahadlang sa problema ng droga (*preventive measures*), at nagsisilbing *after-care* ng mga nasangkot sa droga sa komunidad. Bilang beteranong *community worker* at boluntaryo sa Drug Education Center sa ilalim ng Department of Justice (DOJ), nakita ni Aliya ang pangangailangang tugunan ang suliranin ng droga sa komunidad sa paraang angkop dahil nakauunawa sa kanilang kalagayan. Ang kanyang lokasyon at pananagutan sa mga kapitbahay ang susi sa kanyang sariling matalas na pagsusuri at maalab na pagkilos sa komunidad.

Upang makaagapay sa pagkalinga sa mga batang Moro sa Barangay 41-D at magsilbing hadlang (*preventive*) sa pagkasangkot ng mga kabataan sa ipinagbabawal na gamot, inilunsad ang Moro Youth Organization o MOYO noong 2007. Sinusuportahan ng MOYO ang mga kabataan sa komunidad edad 3-14 taong gulang sa pamamagitan pamamagitan ng *feeding program*, edukasyon, at mga aktibidad sa komunidad (o 'paglalaman ng kanilang mga tiyan, isip at puso'). Bagamat mga anak ng mga ikinulong o pinatay dahil sa pagkasangkot sa palitan ng droga ang pangunahing kasapi ng organisasyon, bukas ito para sa lahat ng kabataang Moro sa komunidad. Hangad ng organisasyong linangin ang kanilang mga kakayanan at pagyamanin ang mga positibong pagpapahalaga sa kanilang pamayanan. Halimbawa, noong 2015, nakilahok sila sa programang paglilinis ng paligid ng Golpo Davao at naging delegado sa National Children's Day sa Davao City. Sa MOYO, nagsasalu-

salo, magkakasamang naglalaro, natututo, at nakikilahok ang kabataan sa mga okasyon sa Barangay 41-D at sa Davao City.

Sa tulong ng mga pribadong donasyon, mahigit 100 bata na ang sinusuportahan ng MOYO mula 2007. May lugar na laan, ang tinatawag nilang ‘Center’, para sa mga pagtitipon ng organisasyon. Unti-unting nakaipon ang grupo ng mga sanggunian at kagamitan para sa programang edukasyon sa labas ng paaralan. Nakapundar din ang grupo ng mga gamit para sa mga *feeding program* tulad ng malalaking kaldero at kawali at iba pang gamit pangkusina. Balak pang suportahan ng MOYO ang pagbubuo ng mga organisasyon ng kabataang Moro sa ibang bahagi ng Davao at Mindanao.

Dahil sa komprehensibong modelo ng MOYO, hindi lamang kabataan kundi ang kanilang buong pamilya ang sinusuportahan ng organisasyon. Sa pangunguna ni Aliya, nagbibigay ang MOYO ng de-kalidad na pagtugon sa mga suliraning kaugnay ng pagkasangkot sa droga, mula sa paghadlang sa pagkasangkot o muling pagkasangkot sa droga (*preventive and relapse prevention*) hanggang sa paggamot (*treatment and intervention*) ng mga nangangailangan nito sa komunidad. Ang pundasyon ng teknikal na kaalaman ni Aliya ay mula sa kanyang pagpupunyagi bilang boluntaryong *probation assistant* (bahagi ng DOJ). Lumahok din siya sa mga pagsasanay o training ng Department of Health at UNODC para sa mga naglilingkod sa antas ng komunidad para sa mga taong sangkot sa droga. Kumuha rin siya ng maiikling kurso sa *psychosocial support* hatid ng mga pambansa at lokal na pamahalaan, paglilingkod sa kabataan (*working with children and youth*) at pangunang lunas (*first aid*). Iniimbitahan din siyang makilahok sa mga pagsasanay ng iba’t ibang organisasyon upang makapag-ambag siya batay sa karanasan ng MOYO at Purok Tres.

Sa kalagayang walang katiyakan sa Purok Tres, nawala sa isang iglap ang kagamitang naipundar ng MOYO. Sinaid lahat ito ng dambuhalang apoy na lumamon sa malaking bahagi ng barangay noong Marso 2016. Ang insidente ay isa sa mga sunog sa Semana Santa ng 2016, kung saan isa ang namatay, dalawa ang nasaktan, at libo-libo ang nawalan ng bahay at kagamitan sa paligid ng Golpo Davao. Pagkatapos ng sunog, malungkot na nilinis ng mga miyembro ng MOYO ang kanilang ‘Center’. Sa kalagayang walang katiyakan, nakapanghihinayang ang mawalan ng mga bagay na pinaghirapan at maipagmamalaki nila sa komunidad. Ganoon pa man, naroon pa rin ang mga tagapagtaguyod at mga miyembro ng MOYO na may hindi matatawarang mga karanasan at kaalaman. Dahil kailangan, tuloy pa rin ang

adhikain at mga programa ng MOYO. Araw-araw nilang kailangang bunuin ang mga suliraning sinilaban pa ng sunog.

**Pagkilos bilang pamamaraan ng pananaliksik**

Sa kalagayang walang katiyakan at walang maaasahang katuwang mula sa mga institusyong nakatalagang tumulong sa kanila, marapat lang na maging mapagbantay ang mga nasa komunidad sa lahat ng kanilang pagbubuksan ng pintuan. Sa pakikipamuhay at aktibong pakikinig sa mga kuwentong buhay sa Purok Tres, hinihingi sa mga saksi nito ang tumugon at makilahok sa mga pagkilos ng komunidad. Kung nangangayo o humihingi kami ng panahon upang makipagkuwentuhan sa mga taga-Purok Tres, husto lang na asahan din nila ang oras at lakas namin kung mayroong mga kagyat silang pangangailangan na kaya naming tugunan. Ang pagtugong hinihingi ay bahagi ng tumbasang (*reciprocity*) inaasahan sa araw-araw na pakikisalamuha sa lahat ng uri ng pananaliksik na nakikilahok. Sa mapangahas na pananaliksik, ang pagkilos ay paraan din ng pagtuklas kaya naman malugod itong tinatanggap.

Sa simula ng aming kolaborasyon, hindi namin nakita ang pagboboluntaryo bilang gulugod ng pananaliksik. Nang lumaon, naunawaan naming na ang aming magkatuwang na pagkilos ang nagpalalim ng aming kolaborasyon at pagkatuto. Bahagi ng aming pagtuklas ang mga aktibidad sa komunidad tulad ng pagsusulat ng mga liham at maikling polyetong nagpapakilala sa MOYO, pakikilahok sa mga pampublikong talakayan tungkol sa mga karapatang pantao sa Davao City, pagboboluntaryo sa libreng pasilidad para sa *day care* ng mga maliliit na batang hindi pa pumapasok sa eskwelahan, pagpasyal sa mga batang 7-14 taong gulang sa mga park at museo, at paglulunsad ng palihan sa sining. Ginagabayan ng isa sa amin ang lahat ng kasapi ng MOYO at sinusuportahan ang kanilang mga pamilya. Mula sa pagbabahagi ng oras, kaalaman, at iba pang maiaambag, hinihingi sa bawat kalahok sa pagtuklas ang abot ng aming makakaya para sa kapakanan ng kumunidad naming inuunawa.

Sa pagkilos umiigting ang pagmamasid, pagsubaybay sa mga kaganapan, at pagpuna sa mga hindi pangkaraniwan. Halimbawa, sa pagboboluntaryo sa MOYO, nakita ng isa sa amin kung paano magbahaginan ang mga miyembro nito ng mga ambong *pahalipay*[6] ng lokal na pamahalaan at iba pang

---

[6] Pampasayang regalo sa salitang Filipino, ang *pahalipay* (Cebuano) sa kontekstong ito ay para sa kliyente ng mga patrong pulitiko o organisasyon. Inaasahan ng nagbigay ng regalo ang katapatan ng kliyente.

institusyon. Sa kalakarang iilan lamang ang pinipiling tatanggap ng mga donasyon batay sa sistemang quota ng lakal na pamahalaan, iniikot ang mga tatanggap sa mga miyembro ng MOYO at binabahagi ang ano mang makukuha sa iba pang myembro. Sa isang antas, paraan ito ng pagkakaroon ng kaisipang panlahat (*commons*) na mahalaga sa pagbubuo ng matatag na komunidad.

Hinihingi sa mapangahas na mananaliksik ang palagiang pagtatasa ng dapat (etikal) at maari pa naming gawin para sa komunidad at sa pagbubuo ng kaalaman. Sa karanasan ng Purok Tres, batid namin na mahirap mapanatili ang mga serbisyo ng MOYO kung mga boluntaryo at pribadong donasyon ang pangunahing sinasandalan nito. Magiging sustenable ang kanilang programa kung suportado ng pamahalaang nakatalagang magbigay ng serbisyo sa mamamayan. Kaya naman, bahagi ng aming pangangarap at pagkilos ang manawagan para sa mga posibleng katuwang ng komunidad. Kung sinuportahan ng mga lokal na pamahalaan at mga ahensya ng gobyerno ang programa sa Purok Tres, maaari itong maging modelong programa ng *community-based drug prevention* at *after-care* para sa ibang mga komunidad sa Pilipinas.

## Pagpapaliwanag ng *jihad* sa komunidad

Nang magsimula kaming magkatuwang na tumuklas sa gitnang bahagi ng 2016, bakas pa ang mga labi ng higanteng sunog sa maraming sulok ng Purok Tres. Lugmok ang marami mula sa traumang iniwan ng sunog at sa dambuhala ring gawain na paglilinis, muling pagtatayo ng mga dingding, pagkukumpuni ng mga bubong, at pag-iipon muli ng mga gamit pang araw-araw. Habang nagtatanong ang isa sa amin tungkol sa gawain ng mga kababaihan at kalalakihan sa komunidad, binuksan ng isa pa ang usapan tungkol sa gawain ng mga kababaihang sumasalo sa mga pangangailangan ng komunidad, tulad ng paghahanapbuhay at pagkalinga at paggabay sa mga batang Morong inulila ng ‘gera laban sa droga’.

Inilarawan ng isa sa amin ang araw-araw na pakikibaka sa komunidad ng mga Moro bilang “*jihad”* at pinagtulungan namin itong palawigin upang makatulong sa pagpapaliwanag ng kalagayan sa Purok Tres. Mula sa salitang Arabo ang *jihad*, na ang literal na salin ay paraan ng pakikipagtunggali o pakikibaka, lalo kung may maganda itong hangarin. Ang popular na pakahulugan ng jihad ay ang banal na gerang inilulunsad sa ngalan ng Islam bilang tungkulin ng mga Muslim at personal na pakikibakang naglilinang ng disiplinang espiritwal bilang debosyon sa Islam. Tinatawag ding jihad ang

krusada para sa mga prinsipyo o paniniwala (Merriam-Webster, 20 Oktubre 2020).

Sa pagtatasa ni Paul Heck (2004), nagbabago ang pormulasyon ng jihad sa iba't ibang kontekstong panlipunan sa unang anim na siglo (ika-7 hanggang ika-13 siglo) ng Islam. Kasalukuyan pa ring nagtatalo sa interpretasyon ng jihad ang mga klasikal at modernistang iskolar ng Islam para sa iba't ibang hangarin (Hegghammer 2011, Streusand 1997). Sa ilang klasikal na interpretasyon, jihad ang pakikipagtunggali sa mga hindi naniniwala sa Islam (Heck 2004), ang interpretasyong sadyang pinasikat sa 'gera laban sa terrorismo' na pinangungunahan ng Estados Unidos (Kellner 2006). Samantala, sinusubok pagkasunduin ng mga modernistang iskolar ang Islam at ang mga Kanluraning kaisipan, tulad ng pagtatagpo ng Islamic law at international law. Sa mga modernistang interpretasyon, maaaring mapayapa ang jihad, tulad ng pagpapabuti at pagdepensa sa kanilang mga komunidad (Streusand 1997). Para kay Heck (2004) at Streusand (1997), ang iba't ibang interpretasyon ng jihad ay patunay ng daynamismo sa mundo ng Islam at ang kahalagahan ng konteksto ng paggamit nito.

Sa Purok Tres, ang "*jihad*" ay ang pagharap sa mga araw-araw na pagsubok habang nabubuhay ang tao. Sa jihad sa komunidad, pagpupunyagian ang mga pinakamalulupit na kalagayan sa abot nang makakaya para sa ikabubuti ng higit na marami. Ito ay labanang taimtim kung saan ang tagumpay ay nasa tiyak na katiwasayan ng puso at diwa. Maaabot ito kung nasa mabuting kalagayan ang mga mahal sa buhay at mga kaibigan sa komunidad. Kaya naman, kahit tila walang kapalit ang sakripisyo, bagkus ay panganib pa nga ang hatid ng pagiging aktibo laban sa pagkasangkot ng mga myembro ng komunidad sa palitan ng droga, tuloy pa rin ang araw-araw na pakikibaka ng mga miyembro ng MOYO. Sa isang banda, paraan ito ng pagdepensa sa mga komunidad na unti-unting nililipol ng mga polisiyang nagpaparubdob sa kanilang kawalang-katiyakan. Sa kabilang panig, nag-aanyong krusada ito para sa pagbubuo ng matatag na komunidad.

Sa magkatuwang naming pananaliksik, nakatutulong ang konsepto ng jihad sa komunidad sa pagpapaliwanag ng kalakasan ng mga kasapi ng komunidad at paraan para sa pagbubuo ng matatag na pamayanan, handang patuloy na makibaka hanggang makakawala sa kalagayang kawalang katiyakan. Sa pagtatakda ng kanilang sariling mga paraan upang tugunan ang mga suliranin, bumubuo ng mga kakayanan at maliliit na tagumpay ang mga katuwang sa pakikibaka. Ganoon din, kinikilala namin na napakarami pang dapat pagsikapan, kasama na ang walang sawang panawagan sa mga

institusyong kailangang sumuporta upang maabot ang mithing matatag at mapagkalingang komunidad. Dapat ding maging mapagbantay sa maaaring pagsasamantala sa jihad na ito, lalo at maaari itong bigyang interpretasyon ng iba't ibang grupo para sa kanilang sariling layunin.

Sa isang antas, sinasamantala na ng mga ahensya ng gobyerno ang jihad sa komunidad sa pagtatanghal ng mga programang hindi ikinunsulta sa mga taga-rito. Para sa mga taga-Purok Tres, maraming ahensya ng gobyerno ang walang malasakit sa pinakamahihirap – "walang puso" – tila walang pakialam kung ano ang pinakamabuting paraan upang lutasin ang mga suliraning nagpapahirap at pumapatay sa marami. Ginagamit silang tanghalan ng mga ahensya para may masabing ginagawa "*for compliance*" at bigyang katwiran ang kanilang mga sweldo. Kahit may pondo silang nakatalaga para sa mga komunidad, gumagawa sila ng mga proyektong hindi epektibo dahil hindi lapat sa kalagayan ng ordinaryong mamamayan. Halimbawa, nang maglatag ng pondo para sa pangkabuhayan (*livelihood*), ang disenyong pinili ng ibang ahensya ay kabuhayan sa labas ng komunidad, bagay na hindi pinatos ng mga taga-Purok Tres na pumipiling gumawa ng kabuhayan mula sa kanilang mga tahanan. Ganoon din, sa pagpapabaya ng lokal na pamahalaan sa programa ng MOYO, sinasamantala nila ang mga boluntaryo na naglilingkod bilang jihad sa komunidad.

Sa isa pang antas, inaangkin ng ibang yunit sa barangay at lokal na pamahalaan ang pinagsikapang mga datos at positibong resulta ng mga programa ng MOYO. Sa madaling salita, hindi na nga nila tinulungan, ninakawan pa nila. Dahil ang lakas paggawa at kakayanan (*labor and skills*) sa likod ng MOYO ay kalakhang mula sa mga kababaihang nagmamalasakit sa komunidad, ito mismo ang hindi nila kinikilala o minamaliit, subalit inaasahang patuloy na magbigay serbisyo sa mga nasasakupan nila. Hindi bago ang kwentong ito, sa ganitong paraan binabalewala ang gawain ng mga kababaihan sa loob at labas ng kanilang mga tahanan at komunidad habang sinasamantala at sinasandalan din ito ng mga institusyon (Thieme & Siegman 2010). Bilang bahagi ng pagdepensa sa kanilang sarili at pagbubuo ng matatag na komunidad, kailangang patuloy na mag-organisa ng kanilang hanay, mag-ingat, at makipagtunggali ang mga taga-Purok Tres.

## Mga tunggalian at pakinabang ng mapangahas na pananaliksik

Batay sa aming karanasan sa mapangahas na pananaliksik, may tatlong tunggaliang namagitan sa aming mga may-akda. Pangunahin at pinakamaigting ang magkaiba naming pananaw at paraan ng pagtuklas, batay

sa aming mga bagaheng kaalaman, karanasan, at mga pagkiling. Halimbawa, sa komunidad na puspusang nangampanya sa pagkapangulo ni Rodrigo Duterte, nagkakaiba ang paraan namin ng pagtuklas sa kawalang katiyakan sa komunidad at ang pananagutan ng mga namamahala sa lokal at pambansang antas. Para sa magkatuwang naming pagtuklas sa kabila ng mga ito, hinihingi sa bawat isa sa amin na maging bukas, unawain ang mga hakbang pag-iingat, at maging tagapagsalin ng mga konsepto mula komunidad patungong akademya at pabalik. May relatibong bagal ang aming pananaliksik dahil lagi kaming nagtatanong sa isa't isa – "anong tingin mo doon, *Kaka*?" at "ikaw, anong palagay mo?" – sa bawat yugto. Habang nananaliksik kami mula Hulyo 2016, pataas nang pataas ang bilang ng mga pinapatay sa 'gera laban sa droga' hindi lang sa Davao kung hindi sa buong Pilipinas. Nakidalamhati kami sa mga naulila, nanghinayang sa kinitil na mga buhay, at kapwa nagalit sa karaniwang sistema ng mga operasyon ng pulisya kung saan tinatamnan ng 'ebidensya' at pinalalabas na nanlaban ang kanilang biktima. Dahil sa karanasang ito sa Purok Tres, naniniwala kaming palasak ito sa Davao at sa pambansang antas. Sa huli, magkasundo kaming maaaring labanan ang droga sa komunidad nang hindi pinapaslang ang mga sangkot dito.

Pangalawang tunggalian ang pagtatanghal ng aming kolaborasyon. Mga kongkretong halimbawa ng aming kolaborasyon ang aming talakayan sa kumperensya ng UGAT noong Nobyembre 2017, at ang papel na ito. Bagamat iminungkahi ng isa sa amin na isulat ang laman ng talakayan para sa kumperensya ng UGAT, hiniling ng isa pa na hindi gumamit ng iskrip at maging malaya ang usapan. Bilang paghahanda sa talakayan, binalangkas namin ang mga lalamanin at mga pamamaraan upang protektahan ang mga kalahok sa pananaliksik. Pinili namin ang pormang talakayan upang itampok ang aming mga boses, perspektibo, pagninilay, at ang aming relasyon bilang magkatuwang sa pananaliksik. Ang estilo ay batay sa pormang batid naming pinakademokratiko, kumportable, at matapat sa aming mga layunin. Ang pagiging bukas sa di karaniwang pamamaraan ng presentasyon ng pananaliksik sa kumperensya ay susi upang maitanghal namin ang magkatuwang na pananaliksik.

Mahalaga ang eksperimental na porma ng talakaya na ginawa namin sa kumperensya ng UGAT dahil sa tatlong salik. Una, naging mapagpasya ang bawat kalahok sa laman at paraan ng aming kontribusyon. Ang demokratikong proseso at pagbubuo ng ligtas na espasyo para sa malayang talakayan ang sandigan ng awtonomiya ng bawat isa sa amin. Ikalawa, dahil higit na bihasa ang isa sa amin sa pagsasalita kaysa pagsusulat, husto ang

pormang talakayan para sa aming kolaborasyon. Pinakiramdaman namin ang pagiging bukas ng isa't isa sa pagtalakay ng iba't ibang temang sensitibo tulad ng 'gera laban sa droga' sa komunidad. Bagamat nagbigay ang isa sa amin ng maikling introduksyon at pangwakas na lagom (na pinalawig at pinalamanan ng mga sanggunian sa bersyong papel na ito), kapwa naming itinakda ang kabuuang mga mensahe. Ikatlo, ipinakilala at kinatawan ng bawat isa sa amin ang aming mga sarili (tulad ng mungkahi ni Mishra 2013:130), at bukas na inilarawan ang aming pagtutulungan at pagkakaibigan.

Sa talakayan namin sa UGAT, napaghambing at pinagnilayan namin hindi lang ang laman ng aming pagtuklas kundi maging ang karanasan namin sa pananaliksik. Higit sa lahat, nagbukas ang talakayang ito ng higit na marami pang usapan sa pagitan namin. Napakahalagang makilahok at lumubog din ang isa sa amin sa mundo ng mga akademikong ginagalawan ng isa pa. Palagay namin, nakapag-ambag din kami sa kumperensya di lamang sa nilalaman kundi sa paraan ng presentasyon ng aming 'papel'.

Ang presentasyon namin sa UGAT ang pinaghalawan ng papel na ito. Samantalang malaya ang aming naging talakayan, naging limitasyon namin sa demokratikong pagsusulat ang di pantay naming akses sa computer at kasanayan sa pagsusulat. Upang mabuo ang papel na ito, tinalakay namin ang laman nito sa mahabang dugtungan ng mga libreng pribadong mensahe at tawagan gamit ang isang popular na social media network. Dahil sa prosesong kaiba kaysa sa mga kapatnugot na may parehong akses sa mga kasangkapan ng mga akademiko, mahirap masigurong nagkakasundo kami sa pahiwatig ng bawat salitang narito (*illusory concensus*, tulad ng babala ni Tina Cook 2012). Halimbawa, kumpara sa direktang salin o simpleng transkript ng aming talakayan sa UGAT, ang pagpapaliwanag at pagpapalawig na pinalaman namin sa papel na ito ay puwang para sa hindi pantay naming kontrol sa mga detalye ng teksto. Bagamat pinilit naming abutin ang kaisahan sa aming kolaborasyon, hinuhubog din ang papel na ito ng mga istruktural na hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Ikatlong tunggalian ang hindi parehas naming pagtataya at panunumbasan (*reciprocity*). Kinikilala naming hindi patas ang aming mga kontribusyon, panganib at pakinabang sa bawat hakbang ng pananaliksik. Ang magagawa lang namin ay abutin ang sukdol na aming makakaya upang balansehin ang mga ito. Mahirap itong gawin dahil sabik kaming maging mapagbigay ng aming oras, lakas at ano mang galing para sa tingin naming mabuting tunguhin. Pero napakahalagang pilitin namin ito, lalo at nakabase sa

komunidad ang isa sa amin at may mga kagyat na panganib kung hindi kami mag-iingat. Halimbawa, sa pagbabahagi ni Aliya sa aming talakayan sa UGAT,

> Ang sabi ko sa kanya, ako mismo hindi ko alam kung sino ang papatay sa akin, mismong sa loob ng *community* o pulis o ano pa diyan. Nashock siya. Bakit ganoon? Sabi ko, alam mo naman yung pinaggagawa ko, kasi mayroon sa aming mga iligal na mga ano diyan, tapos minsan nilalabanan natin, hinaharap ko na, *technically* mali po sila (11 Nobyembre 2017).

Ibig sabihin, ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya upang mangahas na magbigay pansin sa mga suliranin at karanasan sa Purok Tres, pero hindi makadagdag pa sa panganib ng mga nasa komunidad.

Marami mang tunggaliang kailangang suungin sa mapangahas na pananaliksik, marami rin itong pakinabang. May dalawang pakinabang kaming gustong tuunan, ang lalim ng pagkatuto, at ang kabuluhan sa komunidad. Kung tutuusin, tugma ang mapangahas na pananaliksik sa mga paraang gamit na ng mga antropologo tulad ng pakikipamuhay at mga panayam. Maaaring gumawa ng mga oportunidad para sa mapangahas na pagbuo ng kaalaman sa pagpapalalim ng pakikilahok at kolaborasyon sa mga katuwang natin sa pagtuklas sa mga komunidad nating nilulubugan. Sa aming karanasan, napalalim din nito ang pagkatuto, ang tunay na saysay ng pananaliksik.

Napalalalim ng mapangahas na pananaliksik ang pagkatuto dahil sa katangian nitong pagiging bukas at pakikibagay (*flexibility*). Halimbawa, dahil na rin sa matinding kawalang-katiyakan sa Purok Tres at sa suliraning droga dito, hindi simple ang mga karaniwang gawain ng mga antropologo tulad ng pagbabahay-bahay sa komunidad at ang paggawa ng census ng purok. Ang aming kolaborasyon sa pananaliksik ay naging makabuluhan dahil natuto kami sa prosesong tinahak namin. Pinagnilayan namin ito sa aming usapan sa UGAT (11 Nobyembre 2017):

> *Teresa*: Ang sabi mo, may pangangailangang gumawa ng *survey* para muling mabuo ang *profile* ng *community* [na nasunog noong 2016]. May karanasan ako sa pagsusurvey kaya ang gusto ko noon, akin na yung survey forms, magbabahay-bahay na ako. Pero si *Kaka*, mayroon siyang partikular na kaalaman sa pagkaselan ng [lokasyon ng mga kasambahay] kaya alam niya kung paano lumapit at makisuyong magtanong.

> Nagulat ako kasi mas epektibo at mas sensitibo, di ba *Kaka*, natandaan mo yun? Halimbawa, hindi niya tinanong lamang basta kung ano ang mga pangalan at edad ng mga magulang at ng mga anak. Sa mga tanong niyang [may halong pangungumusta] – “nasa’n na ito? Di ba may ganito ‘to?” – isinagawa (ang *survey*) na sa palagay ko ay hindi ko magagawa na sing-epektibo.
>
> *Aliya*: Dahil po sa profiles na yun, dapat mag-ingat lang din po, hindi po natin idiretso yung pagtatanong para rin sa seguridad. Taga-diyan naman ako, siguro naman na alam ko din kahit papaano ang kalagayan.

Sa talakayan namin, ipinahayag namin kung paano kami naging bukas at nakikibagay sa aming magkatuwang na pananaliksik. Nakapaglilinang ito kung gayon ng bagong mga kasanayan at maaaring maglulan ng mga bagong kaalaman. Sa pananaliksik sa mga natatanging konteksto nabubuo ang kaalaman kaya nagiging partikular din ang hubog nito. Sa aming kaso, bunga ng matinding kawalang katiyakan at ng suliraning ‘gera laban sa droga’ sa komunidad ang magkatuwang naming pananaliksik, na humubog naman sa anyo nitong may tatak ng karanasan sa isang dating kolonya (*postcolonial experience*). Kung nananaliksik tayo para lamang subukin ang ating mga kilala nang teorya o sumipsip lang ng datos, sayang ang pagkakataong maging kumadrona ng pagsusuri mula sa labas ng mga Kanluraning kaisipan.

Sa pagiging bukas at pakikibagay sa kalagayan at pangangailangan ng komunidad, naging higit na makabuluhan ang aming magkatuwang na pananaliksik. Sa pagpapatuloy ng MOYO sa kabila ng maraming hadlang, naninindigan ang Purok Tres na itakda ang sarili nilang mga programang *community-based drug-use prevention* at *after-care*. Sinusuportahan ng aming pagtuklas ang pagtataguyod ng kapakanan ng kabataang Moro sa Purok Tres at sa mga kahawig na komunidad sa Davao at Mindanao. Sa aming pananaliksik, inilalarawan namin ang kalagayan sa komunidad at ang mga positibong posibilidad na maaaring ipaglaban. Sinisikap din namin sa aming kolaborasyon na malinang ang aming mga kakayanan at tinig bilang mga kababaihang nais paunlarin at palayain ang mga sarili at ang aming mga komunidad.

## Paglalagom ng aming pangangahas sa pananaliksik

Inilarawan namin ang aming magkatuwang na pagtuklas at pakikilahok sa araw-araw na pakikibaka sa Purok Tres, isang komunidad ng mga Moro sa Davao. Sa prosesong ito, batid namin ang mga suliranin sa magkatuwang na pananaliksik tulad ng hindi pantay na mga kontribusyon, kapahamakan, at kapakinabangan. Sa mapangahas na pananaliksik, kinikilala namin ang mga istruktural na balakid sa parehas na kontribusyon at ganoon din ang kalakasan ng aming mga sari-saring ambag sa pagtuklas. Maaaring may kaakibat itong panganib dahil na rin sa tindi ng posibleng mga katunggaling makapangyarihan. Hindi namin binabalewala ang mga panganib, lalo na sa bahagi ng mga naroon sa komunidad. Halimbawa, pinag-usapan namin kung paano ikukubli ang pangalan ng mga tao, lugar, at pangyayari upang hindi makadagdag pa sa ano mang panganib na kinahaharap nila.

Sa kabila ng mga balakid sa ganap na kolaborasyon, pinapalagay naming higit ang benepisyo nito sa mga mananaliksik sa pagpapalalim ng pagkatuto at sa mga komunidad nitong pinaglilingkuran. Sa aming kaso, ang mga komunidad na ito ay ang Purok Tres ng Barangay 41-D sa Davao City, at ang komunidad ng mga mananaliksik para sa higit na makatarungang lipunan (*social justice*). Pinahahalagahan namin ang pagtatagpo ng mga mananaliksik na may mga kaparehong mithi para sa etikal na pagtuklas tulad ng sa Ugnayang Pang-Aghamtao at inisyatibong *Insurgent Scholars for Humanity International Network* (2018).

Giit naming, una, maaaring gumawa ng mga oportunidad para sa mapangahas na pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at kolaborasyon ng mga katuwang sa pagtuklas. Sa oryentasyong nakikilahok o estilong ito ng pananaliksik, pinaniniwalaan ang posibilidad, kahalagahan, at ambag ng paglahok ng mga katuwang sa pananaliksik sa pagbuo ng kaalaman (Bergold 2007). Ibig sabihin, maaaring mayroon nang mga nakikilahok na mananaliksik na mapangahas sa kanilang pamamaraan, kahit hindi nila ito bansagan ng ganitong pangalan. Bukas rin kami sa iba't ibang pamamaraan ng mapangahas na pananaliksik. Sa aming pagtahak sa direksyong ito, tinutulak namin ang kolaborasyon at tumbasan (*reciprocity*) sa abot nang aming makakaya. Higit sa simpleng konsultasyon at kontribusyon sa mga katuwang, aktibo naming hinuhubog ang pananaliksik at ganap na inaari ang proseso at bunga nito.

Ikalawa, ang pagtugon sa pangangailangan ng komunidad ang pundasyon ng mapangahas na pananaliksik. Hinihingi nito ang talas sa pagsusuri ng mga suliraning panlipunan, ang husay sa pakikinig, pagmamasid, at pakikisalamuha sa kapwa, at ang tapang na kumilos kasama ng mga katuwang natin sa pagtuklas. Hindi ito madali, at sa maraming pagkakataon,

laging bukas at walang katiyakan. Karaniwang mahaba itong proseso na hindi maaaring madaliin o itakda ng isang partido lamang. Sa kabila ng mga balakid tulad ng istruktura mismo ng akademya o paghahangad ng personal na kaginhawaan, sa pagpupunyagi sa marahas na pananaliksik, nahuhubog ang bawat kalahok at ang mga komunidad na tinutugunan. Sa puso ng mapangahas na pananaliksik matatagpuan ang mayamang kaalaman, at kaalamang may saysay para sa mga komunidad.

## Mga Sanggunian

Abaya, E., Lucas-Fernan, M.L., & Noval-Morales, D.Y. (1999). Shifting terms of engagement: A review of the history of anthropology in the Philippines. In V. A. Miralao (ed), *The Philippine Social Sciences in the Life of the Nation, Vol. 1: The History and Development of the Social Science Disciplines in the Philippines*. Quezon City: The Philippines: Philippine Social Science Council.

Bergold, J. & Thomas, S. (2012). Participatory Research Methods: A Methodological Approach in Motion. *Historical Social Research/Historische Sozialforschung, 37*, 4 (142):191-222.

Bergold, J. (2007) Participatory strategies in community psychology research – a short survey. In Bokszczanin, A. (ed.), *Poland welcomes community psychology: Proceedings from the 6th European Conference on Community Psychology*. Opole: Opole University Press.

Bourgois, P. (1990). Confronting Anthropological Ethics: Ethnographic Lessons from Central America. *Journal of Peace Research*, *27*(1):43-54.

Bourgois, P. (1996). Confronting Anthropology, Education, and Inner-City Apartheid. *American Anthropologist, New Series*, *98*(2):249-258.

Castillo, R. C. (2015). The Emotional, Political, and Analytical Labor of Engaged Anthropology Amidst Violent Political Conflict. *Medical Anthropology*, *34*:70-83.

Charmaz, K. (2013). Grounded Theory Methods in Social Justice Research. In Denzin, N. K. & Lincoln, Y. S. (eds). *Strategies of Qualitative Inquiry*, (4th ed.). Los Angeles, London, New Delhi: Sage Inc.

COA Commission on Audit (2018). *Annual Financial Report*. [www.coa.gov.ph, accessed 20 October 2020].

Cook, T. (2012). Where participatory approaches meet pragmatism in funded (health) research: The challenge of finding meaningful spaces. *Forum Qualitataive Sozialforschung/Forum: Qualitative Social Research*, *13*(1):Art. 18.

Dangerous Drugs Board. (2016). *Oplan Sagip* [https://www.ddb.gov.ph/sidebar/301-community-based-treatment-and-rehabilitation-resources, accessed 20 October 2020].

Dangerous Drugs Board (2019). *Board Regulation No. 7* [https://www.ddb.gov.ph/sidebar/301-community-based-treatment-and-rehabilitation-resources, accessed 20 October 2020].

Estacio, L. R. (2009). Resiliency Approach to Addressing Drug Addiction: A Paradigm Shift to Building Drug Resistant Communities in the Philippines. *UP Manila Journal*, *Special Issue*:60-84.

Fernandez, M.C., Quijano, N., & Pangilinan, A. (2019). Examining the effects of drug-related killings on Philippine Conditional Cash Transfer beneficiaries in Metro Manila, 2016-2017, [Pre-print available at DOI: 10.13140/RG.2.2.32082.91849/1].

Goeke, S. & Kubanski, D. (2012). Menschen mit Behinderungen als Grenzgängerinnen im akademischen Raum – Chancen partizipatorischer Forschung. *Forum Qualitative Sozialforschung/Forum: Qualitative Social Research*, *13*(1):Art. 6.

Guba, E. G. & Lincoln, Y. S. (1989). *Fourth generation evaluation*. Thousand Oaks, California: Sage Inc.

Heck, P. (2004) Jihad Revisited. *Journal of Religious Ethics*, *32*(1):95-128.

Hegghammer, T. (2011) The Rise of Muslim Foreign Fighters: Islam and the Globalization of Jihad. *International Security*, 35(3):53-94.

Human Rights Watch. (2009). You Can Die Anytime: Death Squad Killings Mindanao. [https://www.hrw.org/report/2009/04/06/you-can-die-any-time/death-squad-killings-mindanao, accessed 30 October 2020].

Human Rights Watch. (2020). Philippines: Events of 2019. [https://www.hrw.org/world-report/2020/country-chapters/philippines, accessed 30 October 2020].

Insurgent Scholars for Humanity International Network (2017). “Preamble”. In www.scholarsforhumanity.org.

Johnson, H. & Giles, C. (2019). Philippines drug war: Do we know how many have died? *BBC News*, 12 Nobyembre. [https://www.bbc.com/news/world-asia-50236481, accessed 31 October 2020].

Kellner, D. (2004). 9/11, spectacles of terror, and media manipulation: A critique of Jihadist and Bush media politics. *Critical Discourse Studies*, *1*(1):41-46.

Lincoln, Y. S. (1995) Emerging Criteria for Quality in Qualitative and Interpretive Research. *Qualitative Inquiry*, *1*(3):275-289.

Low, S. & Merry, S. E. (2010). Engaged anthropology: Diversity and dilemmas: An introduction to supplement 2. *Current Anthropology*, *51*(S2): S203-S226.

Mansfield, K. C. (2014). How Listening to Student Voices Informs and Strengthens Social Justice Research and Practice. *Educational Administration Quarterly, 50*(3): 392-430.

McTaggart, R. (1997). Guiding principles for participatory action research. In McTaggart, R. (ed.), *Participatory action research: International contexts and consequences*. New York: Albany.

Merriam-Webster (2020), "Jihad". *Merriam-Webster.com Dictionary* [https://www.merriam-webster.com/dictionary/jihad. Accessed 20 October 2020].

Mishra, R. K. (2013). Postcolonial feminism: Looking into within-beyond-to difference. *International Journal of English and Literature*, *4*(4):129-134.

Morse, J. M. (1994). Qualitative Research: Fact or Fantasy? In Morse, J. M. (ed.), *Qualitative Research Methods*. California, London, New Delhi: Sage Inc.

Narayan, K. (1993). How Native Is a "Native" Anthropologist? *American Anthropologist. New Series, 95*(3):671-686.

NSO National Statistics Office. (2010). *Census of Population and Housing.* [www.psa.gov.ph, accessed 30 October 2020].

Ortner, S. B. (2019). Practicing Engaged Anthropology. *Anthropology of This Century, 25*:Art. 1.

Ortner, S. B. (2016). Dark Anthropology and its Others: Theory Since the 80s. *HAU: Journal of Ethnographic Theory*, *6*(1): 47-73.

Pachirat, T. (2009). The Political in Political Ethnography: Dispatches from the Kill Floor. In Schatz, E. (ed.), *Political Ethnography: What Immersion Contributes to the Study of Power*. Chicago and London: University of Chicago Press.

Page, T. (2017). Vulnerable writing as feminist methodological practice. *Feminist Review, 115*:13-29.

Parashar, S. (2016). Introduction: Feminism and Postcolonialism: (En)gendering Encounters. *Postcolonial Studies, 19*(4):371-377.

PSA Philippine Statistics Authority (2015). *Census of Population*. [www.psa.gov.ph, accessed 30 October 2020].

Pitlo III, L. B. (2019) The other side of Duterte's war on drugs: rehabilitation, rescue and rooting out corruption. *South China Morning Post*, 22 Pebrero.

Reason, P. & Bradbury, H. (2008). Introduction. In Reason, P. & Bradbury, H. (eds.). *The Sage handbook of action research, Participative inquiry and practice* (2nd Ed.). London: Sage.

Russo, J. (2012). Survivor-controlled research: A new foundation for thinking about psychiatry and mental health. *Forum Qualitative Sozialforschung/ Forum: Qualitative Social Research, 13*(1):Art. 8.

Scheper-Hughes, N. (1993). *Death without Weeping: The Violence of Everyday Life in Brazil.* Berkeley: University of California Press.

Scheper-Hughes, N. (1995). The Primacy of the Ethical: Propositions for a Militant Anthropology. *Current Anthropology*, *36*(3):409-440.

Smith, J. K. (1993). *After the demise of empiricism: the problem of judging social and education inquiry*. Norwood, NJ: Ablex.

Streusand, D. E. (1997). What Does Jihad Mean? *Middle East Quarterly*, September: 9-17.

Thieme, J. (2003). *Post-colonial Studies: The Essential Glossary*. London, Arnold.

Thieme, S. & Siegmann, K. A. (2010). Coping on Women's Backs: Social Capital-Vulnerability through a Gender Lens. *Current Sociology, 58*(5):715-737.

Tracy, S. J. (2019). *Qualitative Research Methods: Collecting Evidence, Crafting Analysis*. Hoboken, NJ: Wiley-Blackwell.

---

*Si **Teresa Jopson** ay isang PhD candidate sa The Australian National University.*
Email: teresa.jopson@anu.edu.au

***Aliya Sakaran** ang alyas ng isang community worker sa Davao City.*